



# SFPL To Go

LIMITED LIBRARY SERVICE

PABULOSONG  
MAKITA NAMIN KAYO!



Mahal na Patron ng Aklatan,

Sa ngalan ng bawat isang naririto sa San Francisco Public Library (Pampublikong Aklatan ng San Francisco), inaasahan ko na dadatnan kayo ng liham na ito na malusog at mabuti ang pakiramdam. Alam nating ito ay di-hamak na mapaghamong taon, ngunit sumusulat ako ngayong araw upang ibahagi ang pag-unlad sa ating mga pagsusumikap na muling buksan ang sistema ng ating Aklatan.

Una, nagbabalik na ang mga aklat! Ikinalulugod kong iulat na pinalawak namin kamakailan ang aming **SFPL To Go** front door pick-up service (serbisyo ng pagkuha ng aklat) sa siyam, na malapit nang maging sampung sangay. Bukod dito, ipinadala rin namin ang aming pangkat ng mga bookmobile upang magkaloob ng **SFPL To Go-Go**, isang lingguhang pick-up service sa mga kapaligiran ng Mission, Bayview, Ocean View, pati na rin sa Treasure Island. At para sa inyong lahat na gustung-gusto ang mga magasin, nagpapahiram na kami ngayon ng mga pinakabagong paksa ng mga popular na magasin para sa mga bata, kabataan at matatanda. Magpareserba ngayong araw upang makuha ang inyong mga paboritong babasahin sa pamamagitan ng **SFPL To Go**. Inaasahan naming magagamit ninyo ang serbisyong ito, na maaari ninyong matutunan sa [sfpl.org/sfpl-to-go](http://sfpl.org/sfpl-to-go) o sa pamamagitan ng pagtawag sa aming linya ng TIP sa 415-557-4400.

Sa ibang balita, nakipagtulungan ang Aklatan sa Department of Children, Youth and Families (Kagawaran para sa mga Bata, Kabataan at mga Pamilya) at sa Recreation and Parks Department (Kagawaran para sa Libangan at mga Parke) upang ipatupad ang Inisyatibang Community Hub, isang istratohiyang nakabase sa kapaligiran sa buong Lungsod upang suportahan ang mga bata, kabataan, at pamilya sa taon ng pasukan. Ang mga Community Hub ay nagkaloob ng suporta para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-8 na gumagamit ng Distance Learning na Kurikulum ng SFUSD at inuuna ang mga bata at kabataang may matataas na antas ng pangangailangan.

Ang mga Aklatan ng Sangay Bayview/Linda Brooks-Burton, Bernal Heights, Ingleside, North Beach, Visitacion Valley, Western Addition at ang Richmond/Senator Milton Marks ay nakatuon sa mahalagang programang ito para sa pasukan sa taong 2020-21. Ang mga Aklatan ng Sangay Ortega, Sunset at ang Chinatown/Him Mark Lai ay maaari ring magamit para sa mga yugto sa hinaharap ng Inisyatibang Community Hub. Dahil sa mga iniaatas na pampublikong kaligtasan para sa pisikal na pagdidistansya at mga limitasyon sa espasyo, hindi kami makakapagkaloob ng **SFPL To Go-Go** service sa lahat ng hub, ngunit narito kami upang tulungan kayong makahanap ng susunod na pinakakumbinyenteng lokasyon upang makuha ang inyong mga aklat. Mangyaring makipag-ugnay sa amin sa numero sa itaas para sa tulong.

Habang patuloy na unti-unting nagbubukas ang Lungsod, narinig namin ang mga panawagan para sa muling pagbubukas ng aming mga gusali para sa buong serbisyo ng Aklatan. Bilang inyong Katiwala sa Aklatan ng Lungsod (City Librarian), kinikilala ko ang paghihirap na naranasan ng San Francisco Public Library na nakaapekto sa ating mga residenteng dumedepende sa ating mga programa at serbisyo. Magpapatuloy ang Aklatan sa unti-unting pagpapabalik ng mga serbisyo sa mga linggo at buwang darating na pahihintulutan ng kapasidad ng aming mga kawani. Daan-daang mga kawani ng Aklatan ang kasalukuyang pinapadala bilang mga kawaning nagkaloob ng serbisyo sa panahon ng sakuna upang suportahan ang pagresponde sa emerhensya para sa pampublikong kalusugan. Nagsusumikap sila sa panahon ng napakalaking pangangailangan ng Lungsod na paglingkuran ang komunidad bilang mga contact tracer, taga-monitor sa lugar at sa mga hotel na nagsisilbing masisilungan para sa mga walang tirahan at sa mga lugar ng pagsusurian ng COVID-19, gaya ng mga kawani ng food bank, mga espesyalista sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa komunidad at marami pa. Nais kong kilalanin ang katangi-tanging sakripisyo ng mga kawani ng ating Aklatan na mula sa simula ay nangungunang nagtatrabaho sa panahon ng pandemyang ito. Habang pinalalaya ang ating mga kawani mula sa kanilang mga tungkulin bilang mga kawani na nagkaloob ng serbisyo sa panahon ng sakuna, mananatili kaming nakahandang ihatid ang pinakamataas na antas ng serbisyo hangga't maaari alinsunod sa kasalukuyang utos sa pampublikong kalusugan. Hanggang sa pagkakataong iyon, **KASIYA-SIYANG MAKITA KAYO** sa **SFPL To Go-Go**!

Salamat sa inyong pagtitiyaga at sa inyong tapat na pagtangkilik sa San Francisco Public Library.

Sumasainyo,

*Michael Lambert*

**Michael Lambert**  
Katiwala sa Aklatan ng Lungsod



*Silid-Aklatan pang Publiko ng San Francisco*